



REPRESENTATIVE FOR
CHILDREN AND YOUTH
Kinatawan para sa Mga Bata at Kabataan

MGA UGNAYAN SA FIRST NATIONS, MÉTIS, AT INUIT FACT SHEET

LAYUNIN

Magtatag at pangalagaan ang mga ugnayan sa First Nations, Métis, Inuit, at Urban Indigenous partners sa B.C. at magtaguyod para sa mga Indigenous na bata, kabataan, young adults, at mga pamilya. Itaguyod ang mga serbisyo at suportang tumutugon at nagbabawas sa sobrang paglahok ng child welfare system sa mga buhay ng mga kabataan, mga pamilya, at komunidad ng First Nations, Métis, Inuit, at Urban Indigenous.

Mga Likas na Karapatan


Ang mga First Nations, Métis, at Inuit na mga bata ay may likas na karapatang masuportahan sa kanilang mga pamilya, mga kamag-anak, at mga komunidad. Kasama sa mga karapatang ito ang tanging karapatan nila sa kultural na identidad at sa pagpapanatili ng identidad na iyon sa pamamagitan ng sagradong relasyon nila sa kanilang mga lupaing ninuno mula't sapol pa.

Ang Konteksto ng Indigenous Child Welfare sa B.C.

- Maraming federal at provincial na mga patakaran ang nagdulot ng labis na pinsala sa mga First Nations, Métis at Inuit na mga bata, kabataan, at mga pamilya, kabilang ang cultural genocide o pagpatay sa kultura ng mga residential schools na nauwi sa Sixties Scoop at sa kasalukuyang krisis ng child welfare.
- Ang First Nations, Métis, at Inuit na mga bata at kabataan ay 8% ng mga bata at kabataan sa B.C.; binubuo rin nila ang humigit-kumulang sa 66% ng mga batang inaalagaan.
- 24 na itinalagang Aboriginal na Ahensiyang naglilingkod sa First Nations, Métis, at Inuit na mga bata, kabataan, at mga pamilya sa buong B.C.
- Aktibong nagpursigi ang Nations sa B.C. na simulan muli ang child welfare jurisdiction, na siyang pinagana ng pederal na *Act respecting First Nations, Inuit and Métis children, youth and families* (Batas na nagbibigay-galang sa First Nations, Inuit, at Métis na mga bata, kabataan, at mga pamilya, kasama) ng Ministry of Children and Family Development.

Ang Team

- Sinusuportahan ang pangako ng RCY na itaguyod ang *Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act*, *UN Declaration on the Rights of Indigenous People* (Batas Hinggil sa Pahayag ng mga Karapatan ng mga Indigenous na Tao, Pahayag ng UN Hinggil sa mga Karapatan ng mga Indigenous na Tao) at mga panawagan upang kumilos at humingi ng hustisya.**
- Nagsasagawa ng research at nagmomonitor sa sistema upang bigyang-diin ang mga kalakasan at mga hamon sa kasalukuyang Indigenous child welfare.
- Isinasagawa ang mga gawi at kaalaman ng First Nations, Métis, Inuit, at Urban Indigenous sa paggawa ng research at itinataguyod ang implementasyon na ito sa buong RCY.
- Sinusuportahan at nakikipagtulungan sa mga bata, kabataan, young adults, at mga pamilya ng First Nations, Métis, Inuit, at Urban Indigenous hinggil sa mga karapatan ng bata.
- Hinihikayat ang pananagutan ng pamahalaan sa mga panawagang kumilos at panawagan sa hustisya, at mga rekomendasyon sa mga mahalagang Indigenous reports.**



* Halaw mula sa 4Rs of First Nations higher education and research (Kirkness & Barnhardt, 2001; Restoule, 2008).

** The Truth and Reconciliation Commission Calls to Action and the National Inquiry on Missing and Murdered Indigenous Women and Girls Calls for Justice.

Head Office
Suite 400, 1019 Wharf Street
Victoria, B.C.
V8W 2Y9
Head Office: 250-356-6710

Toll-free: 1-800-476-3933
Text: 1-778-404-7161
Fax: 250-356-0837
Email: rcy@rcybc.ca
Website: www.rcybc.ca

